

Pagpapataas ng Antas ng Kasanayan sa Filipino 9 Gamit ang MP4 (Manood at Paunlarin ang 4 na Kasanayan sa Filipino)

Rommel O. Postor^{1b}

Laguna State Polytechnic University, Infanta National High School

rommel.postor@deped.gov.ph

Mga Detalye ng Artikulo:

Natanggap: 11 Abril 2026
Binago: 18 Abril 2026
Tinanggap: 25 April 2026
Nailathala: 11 Mayo 2026
Kaugnay na Email:
janicealejado83@gmail.com

Inirerekomendang Sipi:

Postor, R. O. (2026). Pagpapataas ng Antas ng Kasanayan sa Filipino 9 Gamit ang MP4 (Manood at Paunlarin ang 4 na Kasanayan sa Filipino). The International Review of Multidisciplinary Research, 1 (5), 314-319.
<https://doi.org/10.5281/zenodo.20125685>

Mga Terminong Indeks:

MP4, kagamitang bidyo, Filipino, kasanayan, teknolohiya

Abstrak. Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito na pataasin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 ng Infanta National High School gamit ang MP4. Ang apat na pangunahing kasanayan na nais linangin ng pag-aaral na ito ay ang kasanayan sa: pag-unawa sa binasa, pag-unawa sa napakinggan, panggramatika, at paglinang ng talasalitaan na nakapaloob sa Most Essential Learning Comptencies ng DepEd. Upang magkaroon ng katuparan ang pag-aaral na ito gumamit ang mananaliksik ng metodolohiyang Quasi-Experimental. Ang mga naging respondente ng pag-aaral na nagmula sa Ika-9 na baitang ay hinati sa dalawang pangkat sa pamamagitan ng random sampling, ang eksperimental at kontrol na pangkat. Binigyan ang mga respondente ng pretest at posttest upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kanilang kasanayan bago at matapos gamitin ang MP4. Ang mga nakalap na datos ay itinala at sinuri sa pamamagitan ng mean at t-test. Sa pamamagitan ng pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos natunghayan ang manipistasyon na bagama't tumaas ang kasanayan ng mga mag-aaral na nasa kontrol na pangkat na ginamitan ng tradisyonal na pamamaraan hindi maipagkakailang mas higit na tumaas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sapagkat ginamitan sila ng interbensyong MP4. Mahalaga ang ginampanan ng pananaliksik na ito sapagkat ito'y tumugon sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral na mahubog ang kanilang mga kasanayan sa ilalim ng Modular Distance Learning. Wala mang direktang interaksyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, sa pamamagitan naman nito ay nabigyang gabay ang mga mag-aaral upang sa ganun ay mapataas ang kanilang kasanayan.

Panimula

I Batay sa konseptuwal na balangkas ng K-12 Kurikulum sa pagtuturo ng Filipino na binanggit sa pag-aaral nina Aileen Joy et al., (2019) ang isa sa mga pamamaraan upang matamo ng bawat mag-aaral ang iba't ibang kasanayan tulad ng (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng paggamit ng napapanahong teknolohiya at iba't ibang platform sa sosyal midya bilang kagamitang panturo.

Sa isang pag-aaral nina Romell et al., (2020) isinasaad dito na upang tiyakin na ang bawat kasanayan ng mga guro sa bansa ay makatutugon sa makabagong hamon ng edukasyon, taong 2017 ay inilathala ang Philippine Professional Standards for Teachers o DO No. 42. s. 2017. At isa sa mga nakapaloob na layunin sa Domain 1: Content Knowledge and Pedagogy ay ang positibong paggamit ng ICT o integrasyon ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Nangangahulugan lamang na ito na kinakailangang isakatuparan natin ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo upang magkaroon ng tuwirang pagkatuto ang mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon.

Subalit bukod sa mahigpit na hamon ng edukasyon sa ika-21 siglo ay dumagdag pa rito ang krisis pangkalusugan sa ating mundo na dulot ng pandemya na siyang nagbunsod upang ang sistemang pang-edukasyon sa ating bansa ay agarang magbago. Dito ay umusbong ang iba't ibang pamamaraang pampagtuturo tulad ng modyular na pamamaraan sa ilalalim ng Distance Learning.

Sa modyular na pamamaraang pampagtuturo ang mga mag-aaral ay pangunahing natututo gamit ang kanilang makrong kasanayan na pagbasa sa kagamitang ibinibigay ng paaralan. Batay sa Cone of Experience ni Edgar Dale (1946) na nabanggit din ni Johnson (2016), 10% lamang ng pinag-aralan ng isang bata ang nananatili matapos ang dalawang linggo sa kaniyang isipan sa pamamagitan ng pagbabasa. Subalit kung ang mag-aaral ay gumagamit ng kaniyang pandinig at paningin ay 50% ng kaniyang pinag-aralan ay nananatili sa kaniyang isipan.

Batay rin sa resulta ng MPS ng Filipino ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Infanta noong una at ikalawang markahan ng TP 2020-2021, lumalabas na mas mababa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral pagdating sa Pag-unawa sa Binasa, Pag-unawa sa Napakinggan, Panggramatika, at Paglinang ng Talasalitaan.

Ang mga nabanggit ang nagbunsod sa mananaliksik upang maisagawa ang aksyon riserts na ito na may pamagat na Pagpapataas ng Kasanayan sa Filipino Gamit ang MP4 (Manood at Paunlarin ang 4 na kasanayan sa Filipino). Ang pangunahing layunin nito ay pataasin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral gamit ang sariling likhang bidyu ng mga aralin sa bawat linggo.

Mga Tanong sa Panaliksik

1. Ano ang antas ng kasanayan sa Filipino 9 ng kontrol at eksperimental na pangkat bago gamitin ang MP4 (Manood at Paunlarin ang 4 na Kasanayan sa Filipino)?
2. Ano ang antas ng kasanayan sa Filipino 9 ng kontrol at eksperimental na pangkat matapos gamitin ang MP4?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 na nasa kontrol at eksperimental na pangkat bago at matapos gamitin ang MP4?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 kapag pinaghambing ang kontrol at eksperimental na pangkat bago at matapos gamitin ang MP4?

Mga Palagay ng Pag-aaral

Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 bago at matapos gamitin ang MP4. Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 kapag pinaghambing ang kontrol at eksperimental na pangkat bago at matapos gamitin ang MP4.

Metodolohiya

Ang metodolohiyang ginamit ay Quasi-Experimental na kung saan ayon kay Gendźwiłł (2021) ito ay isang pamamaraan ng pag-aaral na naglalayong ipakita ang isang partikular na dulot ng isang gawain. Sa pamamagitan ng metodolohiyang ito binigyan ng pre-test at post-test ang control group at experimental group. Ang mga nakalap na datos ay sumailalim sa istadistikang mean at t-test upang malaman ang pagkakaiba ng pretest at posttest ng experimental group.

Ang experimental group ay ginamitan ng video lesson bilang estratehiya sa pagtuturo sa modyular na malayong pagkatuto. Mula sa una hanggang ikawalong linggo ng ikatlong markahan ay may bidyung inihanda ang guro na pinapanood sa mga ito.

Ang instrumentong ginamit ay binuo ng tatlumpong tanong mula sa antas ng kasanayan na nakapaloob sa Most Essential Learning Competencies ng Filipino 9 na pinagtibay ng ulongguro sa Filipino.

Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral sa Punongguro ng Infanta National High School sa pamamagitan ng liham. Sa pagsang-ayon ng punongguro, ang instrumento upang makakalap ng mga datos na kailangan ay ibinigay upang makamit ang layunin ng pananaliksik.

Ang mga nakalap na datos ay itinala, inilagay sa talahanayan, sinuri, at binigyang pakahulugan.

Resulta at Talakayan

Ipinakikita sa bahaging ito ng pananaliksik ang pagsusuri at pagtalakay sa mga datos na nakalap ng mananaliksik. Dito ay inlahad sa pamamagitan ng mga talahanayan na makikita sa ibaba nito na detalyadong sinuri at binigyang pagpapaliwanag ang bawat datos.

Mga Iskor sa Pretest	N	Mean	Standard Deviation
Kontrol	21	13.1905	2.46209
Eksperimental	21	12.619	4.08015

Talahanayan 1 - Resulta ng Pretest ng Kontrol at Eksperimental na Pangkat

Talahanayan 1. Ipinakikita ng talahanayan sa itaas ang antas ng kasanayan ng kontrol at eksperimental na pangkat bago gamitin ang MP4. Nagkaroon ng mean na 13.1905 at standard deviation na 2.46209 ang kontrol na pangkat habang ang eksperimental na pangkat naman ay may 12.619 na mean at 4.08015 na standard deviation.

Ang datos na ito ay nagpapakita na ang kontrol na pangkat ay may mas mataas na mean kaysa sa eksperimental na pangkat. Mas mababa naman ang standard deviation ng nasa kontrol na pangkat kaysa sa nasa eksperimental na pangkat.

Mga Iskor Sa Post-test	N	Mean	Standard Deviation
Kontrol	21	15.7143	3.1803
Eksperimental	21	19.3333	3.61017

Talahanayan 2 - Resulta ng Posttest ng Kontrol at Eksperimental na Pangkat

Talahanayan 2. Ipinakikita ng talahanayan sa itaas ang antas ng kasanayan ng kontrol at eksperimental na pangkat matapos gamitin ang MP4. Nagkaroon ng mean na 15.7143 at standard deviation na 3.1803 ang kontrol na pangkat habang ang eksperimental na pangkat naman ay may na mean 19.3333 at 3.61017 na standard deviation. Ang mga resulta ng mean ng kontrol at eksperimental na pangkat ay nangangahulugang may mas mataas na kasanayan ang mga nasa eksperimental na pangkat kaysa sa mga nasa kontrol na pangkat. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Warebi Gabriel Brisibe, PhD1 at Ramota Ruth Obagah (2017) na ang paggamit ng bidyu bilang kagamitang pampagtuturo ay magsisilbing daan upang higit na manatili ang kaalamang dapat na matutunan ng mga mag-aaral sapagkat ang kagamitang ito ay nakikita at naririnig ng mga mag-aaral.

Variables	Mean		Computed T Value	Computed p-value (0.05)	Decision	Impression at 0.05 Level
	Bago (Pretest)	Pagkatapos (Posttest)				
MP4 (Manood at Paunlarin ang 4 na Kasanayan sa Filipino) sa Pagtuturo ng Filipino 9	13.1905	15.7143	-4.073	.001	Reject the HO	Significant

Talahanayan 3 - Pagkakaiba ng Resulta ng Pretest at Posttest ng Kontrol na Pangkat

Talahanayan 3. Ang computed p-value na .001 ay mas mababa sa impression level na 0.05. Ang negative (-) na t value ay nangangahulugang ang mean ng posttest o pagkatapos gamitin ang MP4 ay may makabuluhang pagkakaiba sa pretest o bago gamitin ang MP4. Sa madaling salita, may makabuluhang pagkakaiba ang mga iskor ng pretest at posttest. Kaya naman pinawawalang-bisa nito ang null hypothesis. Nagpapahiwatig lamang ito na kahit tradisyonal ang ginawang pagtuturo ng guro at hindi gumagamit ng MP4 ay bahagya rin namang tumaas ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sinusuportahan naman ito ng pag-aaral ni Ibyatova, et al (2018) na ang pagtuturong modyular ay epektibo rin para sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Nakatutulong rin ang pamamaraang ito na mapaunlad ang kaalaman at kritikal na pag-iisip ng mga estudyante.

Variables	Mean		Computed T Value	Computed p-value (0.05)	Decision	Impression at 0.05 Level
	Bago (Pretest)	Pagkatapos (Posttest)				
MP4 (Manood at Paunlarin ang 4 na Kasanayan sa Filipino) sa Pagtuturo ng Filipino 9	12.619	19.3333	7.526	.000	Reject the HO	Significant

Talahanayan 4 - Pagkakaiba ng Resulta ng Pretest at Posttest ng Eksperimental na Pangkat

Talananayan 4. Ang computed p-value na .000 ay mas mababa sa impression level na 0.05. Ang negative (-) na t value ay nangangahulugang ang mean ng posttest o pagkatapos gamitin ang MP4 ay may makabuluhang pagkakaiba sa pretest o bago gamitin ang MP4. Sa madaling salita, may makabuluhang pagkakaiba ang mga iskor ng pretest at posttest. Kaya naman pinawawalang-bisa nito ang null hypothesis. Nagpapahiwatig lamang ito na ang MP4 ay epektibong interbensyon sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 ng Infanta National High School. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Zhang, D., Zhou, L., Briggs, R. O., at Nunamaker Jr, J. F. (2016) na kinakailangangan gumamit ng isang interaktibong bidyu bilang kagamitang panturo upang tiyak na malinang ang mataas na antas na pagkatuto ng mga bata.

Variables	Mean		Computed T Value	Computed p-value (0.05)	Decision	Impression at 0.05 Level
	Control	Experimental				
Kasanayan ng mga mag-aaral sa Kontrol at Eksperimental na Pangkat bago Gamitin ang MP4	13.1905	12.6190	3.298	.077	Accept the HO	Not Significant

Talananayan 5 - Pagkakaiba ng Resulta ng Pretest ng Kontrol at Eksperimental na Pangkat

Talananayan 5. Ang computed p-value na .077 ay mas mataas sa impression level na 0.05. Ang positive (+) na t value ay nangangahulugang ang mean ng pretest kapag pinaghambing ang kontrol at eksperimental na pangkat bago gamitin ang MP4 ay walang makabuluhang pagkakaiba. Kaya naman tinatanggap nito ang null hypothesis. Nagpapahiwatig lamang ito na hindi pa sapat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 bago gamitin ang MP4. Masasabi na pareho lamang ng antas ng kasanayan o walang pinagkaiba. Ito ay isang indikasyon na kahit wala pang interbensiyon ay hindi nagkakaiba ang kakayahan ng dalawang pangkat. Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Dhanvita (2018) na kinakailangang pagtuunan at bigyang pansin ng isang bansa sa pamamagitan ng kanilang mga polisiya lalo't higit ay sa mga pribadong institusyong pang-edukasyon ang adapasyon at integrasyon ng kasanayang pang-edukasyon sa kanilang kurikulum.

Variables	Mean		Computed T Value	Computed p-value (0.05)	Decision	Impression at 0.05 Level
	Control	Experimental				
Kasanayan ng mga mag-aaral sa Kontrol at Eksperimental na Pangkat pagkatapos gamitin ang MP4	15.7143	19.3333	.052	.821	Accept the HO	Not Significant

Talananayan 6 - Pagkakaiba ng Resulta ng Posttest ng Kontrol at Eksperimental na Pangkat

Talananayan 6. Ang computed p-value na .821 ay mas mataas sa impression level na 0.05. Ang positive (+) na t value ay nangangahulugang ang mean ng posttest kapag pinaghambing ang kontrol at eksperimental na pangkat pagkatapos gamitin ang MP4 ay walang makabuluhang pagkakaiba. Kaya naman tinatanggap nito ang null hypothesis. Nagpapahiwatig lamang ito na sapat na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9 pagkatapos gamitin ang MP4. Subalit mas mayroong sapat na kasanayan na ang mga nasa eksperimental na pangkat sapagkat naging magsisinghusay na sila. Nagpapahiwatig lamang ito na mas tumaas ang kasanayan ng mga mag-aaral na ginamitan ng MP4. Mapapansin na lubhang tumaas ang antas ng kakayahan ng dalawang pangkat, subalit kapansin- pansin na higit ang pagtaas ng nasa eksperimental na pangkat. Ito ay sanhi ng ginamit na interbensiyon. Sinusuportahan naman ito ng pag-aaral ni Shamsideen, S. A. (2016) na may magandang resulta sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ang paggamit ng audio visual aids tulad ng kagamitang bidyu sa aktibong pakikilahok ng mga bata sa aralin na nagreresulta ng lalong pagpapataas sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Konklusyon at Implikasyon

Batay sa kinalabasan ng pananaliksik na ito, ang mga sumusunod ang naging konklusyon ng mananaliksik:

1. Mas higit na mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral na nasa kontrol na pangkat kaysa mga mag-aaral na nasa eksperimental bago gamitin ang MP4 at tradisyonal na pagtuturo.
2. Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na ginamitan ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo ay bahagyang tumaas. Subalit higit na tumaas ang kasanayan ng mga mag-aaral na ginamitan ng MP4 sapagkat mas nauunawaan at naipamamalas nila ang mga kasanayang dapat nilang matamo.
3. Ang MP4 ay isang inobatibong kagamitang pampagtuturo at kakikitaan ng pagiging malikhain sa pagtuturo na kung saan mabisang instrumento sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya.
4. Ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nalilining din sa pamamagitan ng tradisyonal na pamamaraan subalit hindi maikakaila na mas napatataas ang kanilang kasanayan kapag ginamitan ng interbensyon tulad ng MP4.

Pasasalamat

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa lahat ng tumulong at sumuporta sa pag-aaral na ito. Sa kabila ng mga hamon na hinarap, ang kanilang walang sawang pagtulong at paglaan ng oras ay naging susi upang maisakatuparan at maging matagumpay ang pananaliksik na ito.

Una sa lahat, nagpapasalamat ang mananaliksik sa Dakilang Diyos, sa pagkakaloob ng karunungan at lakas ng loob upang matagumpay na maisagawa ang pananaliksik na ito.

Sa paaralang Laguna State Polytechnic University, sa patuloy na pagbibigay ng mataas na antas ng edukasyon upang mahubog ang kaalaman at kakayahan ng mananaliksik.

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa kanyang asawa na si Gng. May C. Postor at sa kaniyang anak na si Troy C. Postor na sumuporta sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Sa kanilang walang sawang suporta, pag-unawa at pagmamahal na nagsilbing inspirasyon sa kabila ng mga pagsubok na hinarap sa panahong ito.

Pondo

Walang natanggap na panlabas na pondo ang pananaliksik na ito.

Pahayag sa Salungatan ng Interes

Walang salungatan ng interes ang mga may-akda.

Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Walang bagong datos na nilikha sa pag-aaral na ito.

Mga Sanggunian

- Abdul Awal (October 31, 2018). Importance of Skill Development in Students for Career. Kinuha mula sa: <https://www.campuscareerclub.com/importance-of-skill-development-in-students/>
- Dave Braunschweig (2018). Programming Fundamentals. Kinuha sa <https://press.rebus.community/programmingfundamentals/chapter/input-process-output-model/>
- Dhanvita (2018). Importance of Skill Development in School Education. Kinuha mula sa: <https://www.zedua.com/blog/skill-development-in-school-education/>
- DO 42, S. 2017 – National Adoption and Implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers. Kinuha mula sa: DO 42, s. 2017 – National Adoption and Implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers | Department of Education (deped.gov.ph)
- Dr. Serhat Kurt (2019). TPACK: Technological Pedagogical Content Knowledge Framework. Kinuha mula sa: <https://educationaltechnology.net/technological-pedagogical-content-knowledge-tpack-framework/>
- Gendźwił, A., Kurniewicz, A., & Swianiewicz, P. (2021). The impact of municipal territorial reforms on the economic performance of local governments. A systematic review of quasi-experimental studies. *Space and Polity*, 25(1), 37-56.
- Ibyatova, L., Oparina, K., & Rakova, E. (2018, May). Modular approach to teaching and learning English grammar in technical universities. In SOCIETY. INTEGRATION. EDUCATION. Proceedings of the International Scientific Conference (Vol. 1, pp. 139-148).

- Johnson, M. (2016). Communicating politics: Using active learning to demonstrate the value of the discipline. *British Journal of Educational Studies*, 64, 315–335. doi:10.1080/00071005.2015.1133798. Kinuha sa: <https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/2331186X.2018.1518638#>
- Lapada, A. A., & Lapada, A. A. (2017). Audio-visual aided instruction in science among high school students in the Philippines. *International Journal of Education and Research*, 5(7), 139-156.
- Manley, E. D., & Urness, T. (2014). Video-based instruction for introductory computer programming.
- Obagah R., et al (2017). The Effectiveness of Instructional Videos in Enhancing Learning Experience of Architecture Students in Design and Drawing Courses: A Case Study of Rivers State University, Port-Harcourt. Kinuha mula sa: <https://www.ijern.com/journal/2017/November-2017/04.pdf>
- Gepila Jr, E. (2020). Assessing teachers using Philippine standards for teachers. *Universal Journal of Educational Research*, 8(3), 739-746.
- Saul, A. J. G., Capiz, J. R. D., & Milan, K. C. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilalang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. *Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ)*, 7(1).
- Shamsideen, S. A. (2016). Impact of Audio-Visual Materials in the Dissemination of Knowledge for Facilitators in Some Selected Literacy Centers in Oshodi/Isolo Local Government Area. *African Educational Research Journal*, 4(1), 19-24.
- Scully, D., Lehan, P., & Scully, C. (2021). 'It is no longer scary': Digital learning before and during the Covid-19 pandemic in Irish secondary schools. *Technology, Pedagogy and Education*, 30(1), 155-177. Kinuha mula sa: <https://doi.org/10.1080/1475939X.2020.1854844>
- Serevina, V., Astra, I. M., & Danoza, F. V. (2021). Development of E-Learning Video Using a Contextual Approach to Distance Learning Static Fluid Discussion. *Asian Journal of Science Education*, 3(1), 70-80.
- Zhang, D., Zhou, L., Briggs, R. O., & Nunamaker Jr, J. F. (2016). Instructional video in e-learning: Assessing the impact of interactive video on learning effectiveness. *Information & management*, 43(1), 15-27.

Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito